










# ACTIVITY

A. Isalaysay ang kuwentong binasa gamit ang mga larawan. Isulat ito gamit ang sariling salita.

				
				<p>Natutuhan ko na:</p>

B. Sagutin ang mga tanong.

- Gaano kataas ang toreng nais itayo ng mga tao sa Shinar?

---

- Bakit naging madali para sa mga tao ang magtayo ng tore?

---

- Anong ginawa ng Diyos upang hindi matapos ang tinatayong tore ng mga taga-Shinar?

---

- Bakit gusto ng mga tao na magtayo ng isang lunsod na may toreng aabot sa langit?

---

Tayo ay nilikha ng Diyos. Ang ating physical na anyo, katalinuhan, talento at kakayahan ay nagmula sa Diyos. Kaya kung tayo ay napupuri sa ating kagalingan sa isang bagay, ang dapat na nabibigyan ng papuri ay ang Diyos sapagkat sa Kanya nagmula ang kagalingan na ito. Kakaiba sa mga taga-Shinar, nais nilang sila ay maging tanyag. Gusto nila na sa kanila mapunta ang paghanga at papuri ng mga taong makakakita ng kanilang itinayo. Ang mga batang tulad natin ay dapat matutong maging mapagkumbaba. Sa tuwing tayo ay napupuri, matutong magpasalamat sa Diyos at manatiling mapagpakumbaba at hindi maging mayabang.



C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong.

Si Noel ang napili ni Ms. Concepcion na maging representative ng kanilang paaralan sa Math Quiz Bee. Makakalaban niya ang iba pang grade 6 students mula sa iba't-ibang paaralan mula sa kanilang bayan. Lahat ng mga kamag-aral niya ay binabati siya kaya naman hanggang taynga ang ngiti ni Noel hanggang siya ay makauwi. Nag-aral ng husto si Noel sapagkat gusto niyang makamit ang unang gatimpala.

Dumating ang araw ng Quiz Bee at nagbunga nga ang pagsisikap ni Noel dahil nakamit niya ang first place. Pagbalik niya at ng kanyang Math teacher sa kanilang paaralan ay sinalubong sila ng mga guro at mag-aaral ng kanilang paaralan. Bawat taong kanyang makasalubong ay masayang bumabati sa kanya ng congratulations. Nung nasa classroom na si Noel at ang kanyang mga kamag-aral patuloy naman ang papuri na tinatanggap niya. "Sikat na naman ako. Hahahaha!" bulong ni Noel sa kaibigan sabay tawa. "Iba talaga ang matalino" sagot naman ng kaibigang si Cris. Sinabi ni Noel kay Cris na kung gusto rin niya sumikat at purihin ay mag-aral din siya ng mabuti gaya niya.

Tanong:

- Anong ugali ni Noel ang dapat tularan at hindi dapat tularan? Bakit?

---

---

- Kung ikaw si Noel, paano ka magrereact sa lahat ng papuri at attention na iyong tinatanggap?

---

---

Tayong mga bata minsan ay nagiging mayabang o mapagmalaki sa ating mga achievements gaya na lang ni Noel. Ngunit hindi ito ang dapat na maging ugali natin sapagkat ang lahat ng meron tayo gaya ng talino at kakayahan ay mula sa Diyos. Siya dapat ang ating pinasasalamatan at pinupuri sa lahat ng ating nakakamit. Dapat lang na matuto tayong maging mapagpakumbaba sa lahat ng ating mga nakakamit.

Magpakahusay tayo sa lahat ng ating gawain hindi para sa ating katanyagan kundi para sa kapurihan ng ating Manlilikha, ang Diyos.



D. Memory Verse:

Kinamumuhian ng Panginoon ang lahat ng mayayabang, at sila'y tiyak na paparusahan. **Kawikaan 16: 5**